# RSV VACCINE



Ang RSV vaccines ay nagproprotekta laban sa malubhang sakit sa baga na dulot ng respiratory syncytial virus (RSV).

Ang RSV vaccines ay inirerekomenda para sa lahat ng adults na 75-taong-gulang at mas matanda at adults na 60-74 taong-gulang na mas nanganganib na magkaroon ng mga takdang medikal na kondisyon.

Bagamat maaaring maapektohan ng RSV ang mga indibidwal, anuman ang kanilang edad, ito'y lalo nang malaking panganib para sa mga sanggol at sa mga mas nakatatanda.

## Mga Maling Paniniwala

**MGA MALING PANINIWALA**

Ang RSV vaccines ay para lamang sa mga matatanda.

**FACTS**

May maternal RSV vaccine na inirerekomenda para sa mga buntis na nasa ika-32-36 na linggo ng pagbubuntis para protektahan ang kanilang bagong silang mula sa malubhang sakit sa baga.

I-scan para sa karagdagang impormasyon tungkol sa RSV at vaccines na available!

# Protektahan ang Iyong Kalusugan!

## KEY FACTS TUNGKOL SA TRANGKASO, COVID-19, AT RSV VACCINES




IACW Immunization Action Coalition of Washington

WSPA WASHINGTON STATE PHARMACY ASSOCIATION

Ang impormasyon ay kinuha mula sa immunize.org, CDC: cdc.gov/vaccines/, at WA Department of Health: doh.wa.gov

# VACCINE PARA SA TRANGKASO (FLU)




Ang flu vaccine ay isang taunang vaccine na inirerekomenda para sa lahat na anim na buwang gulang at mas matanda. Ang pagpapabakuna ay nagbibigay ng mahalagang proteksyon laban sa sakit ng trangkaso at sa mga maaaring maging komplikasyon nito.

## Mga Maling Paniniwala

| MGA MALING PANINIWALA | FACTS |
| --- | --- |
| Ako'y nagka-flu mula sa flu shot. | Ang flu shot ay hindi maaaring magbigay sa iyo ng flu. Ito'y naglalaman ng inactivated (pinatay) na virus o gumagamit ito ng recombinant technology na hindi makakapagdulot ng sakit. |
| Wala akong kilalang taong natrangkaso kaya hindi ito seryoso | Inireport ng CDC na nagkaroon nang hindi kukulang sa 35 milyong kaso ng trangkaso, 400,000 ang naospital, at 25,000 ang namatay noong 2023-2024 season. |

# COVID-19 VACCINE



Ang COVID-19 vaccine para sa 2024-2025 season ay inirerekomenda para sa lahat na anim na buwang gulang at mas matanda.

Ang COVID-19 vaccine ay nagbibigay ng proteksyon laban sa malubhang sakit, pagpapaospital, at kamatayan.

## Mga Maling Paniniwala

| MGA MALING PANINIWALA | FACTS |
| --- | --- |
| Maaari kang magka-COVID-19 kapag binigyan ka ng vaccine. | Ang vaccines ay HINDI naglalaman ng SARS-CoV-2 virus. Tinutulungan ng mRNA vaccines ang mga selula ng katawan na gumawa ng protina na nagri-trigger ng immune response at ang spike protein mismo ay hindi mapanganib at hindi maaaring magdulot ng COVID-19. |
| Oras na ikaw ay nagka-COVID na, hindi mo na kailangan ang vaccine. | Posibleng maimpeksyon ka muli ng COVID-19! Maaari mong makuha ang latest na dosis ng vaccine 2-3 buwan pagkatapos mong magkaroon ng mga sintomas kung hindi mo pa nakukuha ang vaccine para sa kasalukuyang season. |
| Masyadong mabilis dinibelop ang vaccine, kaya't hindi ito ligtas. | Ang vaccine ay nagdaan sa extensive full-term clinical trials, testing, at pagsubaybay ng kaligtasan. Maraming mga pederal na ahensiya ang nagtulungan para masigurado na ang COVID-19 vaccines ay ligtas at mabisa. |